

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____
15

Pagsulat ng pang-uri sa tamang antas

Panuto: Buuin ang bawat pangungusap sa pamamagitan ng pagsulat ng pang-uri na nasa tamang antas. Gamitin ang pang-uri sa loob ng panaklong.

Halimbawa: (*matangkad*) _____ siya kay Abdul.

(*matangkad*) Mas matangkad siya kay Abdul.

1. (*mabilis*) Ang cheetah ay _____ sa leon.
2. (*matanda*) Si Lola Trining ang _____ sa aming lahat.
3. (*malusog*) Si Jonas ay isang _____ na binata.
4. (*malakas*) _____ ang hangin sa dalampasigan.
5. (*masaya*) _____ talaga ng mga pagdiriwang tuwing Pasko!
6. (*bago*) Bumili si Tatay ng kompyuter na _____ sa kompyuter natin ngayon.
7. (*mataas*) Ang _____ na bundok sa mundo ay ang *Everest* sa Nepal.
8. (*malaki*) Ang lungsod ng Shanghai sa Tsina ang tinuturing _____ lungsod sa buong mundo.
9. (*marami*) _____ ang tao sa pamayanang urban kaysa pamayanang rural.
10. (*mahaba*) Ang Ilog *Nile* sa Aprika ay ang _____ ilog sa buong mundo.
11. (*malungkot*) Napaiyak ako sa pelikulang pinanood namin dahil _____ ang nangyari sa bida!
12. (*gulang*) Pareho tayong ipinanganak sa taong 2003, kaya tayo ay _____.
13. (*malambing*) Matapang na bantay ngunit _____ na alaga ang aso kong si Max.
14. (*malawak*) Ang hardin ni Ginang Marquez ay _____ pa sa hardin sa plaza.
15. (*mahusay*) Si Ginoong Romulo ang _____ na manunulat sa buong unibersidad.